

# Ang U.S. Sensus lamang ang natatanging oportunidad ng bansa na magkaroon ng sibikang pakikilahok para malaman kung paano ibabahagi ang yaman at kapangyarihan sa kabuuan ng Amerika.

Ang datos na maiipon sa loob ng 9 na tanong, 10 minutong survey na ito ay ginagamit ng gobyerno, mga negosyo, at ng mga nonprofit para malaman ang kanilang pondo at politikal na kinakatawan sa susunod na 10 taon.



## Maraming mapakikinabangan ang San Francisco... at marami rin ang maaaring mawala dito.

- + Sa 2020, ang bawat taong mabilang ay nangangatawan ng \$20,000 na mapupunta—o hindi—sa mga pangkomunidad na programa sa San Francisco, kabilang na ang pangangalaga sa kalusugan (healthcare), paaralan, abot-kayang pabahay, parke, palaruan (playground), aklatan (library), linya ng bus, pagsaayos ng daanan, kaligtasan, programa sa nutrisyon, at mga serbisyong pangemerhensya sa susunod na sampung taon. Ito ay magbibigay ng potensyal na \$17,687,260,000 sa ating lungsod
- + Sa 2020, sa unang pagkakataon, nasa panganib ang California na mawalan ng upuan sa Kongreso.

Lahat—kahit ano pa man ang katayuan sa citizenship o imigrasyon—ay may karapatang mabilang para makibahagi ng pantay-pantay. Walang tanong tungkol sa citizenship sa loob ng 2020 Sensus. Kumpidensyal ang inyong impormasyon sa Sensus. Kapag may nahuling nag bibigay ng impormasyon ninyo sa ICE, sa inyong landlord, o ibang mang ahensya ng gobyerno o tao—kung sino pa man ito, kahit sila'y empleyado ng Census Bureau—magresulta ito sa 5-taong sentensya at/o isang multang naghahalaga ng \$250,000.

Kapag kinumpleto ninyo ang kuwestyonaryo ng Sensus—mapa-online man ito, telepono, o gamit ang koreo—gitna ng Marso hanggang Hulyo 2020

- + Nakakatulong kayo sa paglagay ng \$20,000 sa inyong lungsod, pati na rin sa inyong mga mahal sa buhay, kapit bahay, at komunidad: sa kabuuang halaga, nakatanggap ang San Francisco ng \$1 bilyon sa loob ng nakalipas na sampung taon dahil sa paglahok sa nakaraang sensus!
- + Ikaw ang mananawagan ng mga programa at serbisyong kinakailangan ng komunidad ninyo
- + Sinisigurado ninyo ang inyong pulitikal na kinakatawan sa City Hall at Kongreso, at ang inyong kapangyarihang bumoto sa Electoral College.

Magpabilang at makibahagi ng patas.

SF ★2020  
census  
COUNTS

sf.gov/census  
#SFCOUNTS #2020Census  
@sf\_immigrants

ART +  
ACTION  
2020 Census

Dineseno ni Robert Saywitz  
@robertsaywitz

www.artandaction.us  
@artandaction.us